# Kampanya ni Mayor Joy B sa malnutrisyon, patuloy

Lumagda sa isang memorandum of agreement si Quezon City Mayor Joy Belmonte sa pagitan ng Jollibee Group Foundation (JGF) at MEALenium Project para sa pagsasagawa ng 'Busog, Lusog, Talino (BLT) Kitchen' sa Lupang Pangako Elementary School sa Payatas, Quezon City.

Ang hakbang ay bahagi ng patuloy na kampanya ni Belmonte na labanan ang malnutrisyon na una nang sinimulan taong 2016 noong bise alkalde pa pa siya nang gawing isang modern kitchen ang bahagi ng canteen ng naturang paaralan.

"We are very happy to continue this feeding program alongside our reliable partners that have supported this important endeavor from the very beginning, sa programang ito, matututukan nang husto ang kalusugan ng ating mga mag-aaral sa tulong ng masustansiyang mga pagkain na ihahanda sa ating BLT Kitchen," pahayag ni Belmonte.

Ang naturang programa ay sinimulan sa 958 mag-aaral bilang benepisyaryo nito at 943 schoolchilden sa sumunod na school-year.

Ang naturang programa ay layong suportahan ang school-based feeding program ng Department of Education's (DepEd) para mabigyan ng malinis, ligtas at masustansiyang pagkain ang mga kabataang mag-aaral.

Ngayong 2019, ang BLT ay patuloy na nagkakaloob ng ayuda sa 1,116 wasted at severely wasted students ng Lupang Pangako Elementary School sa tulong ng MEALenium Project, JGF at ng Schools Division Office. *(Angie dela Cruz)*